Mula sa

# *WALANG MABANAAG*

Mesándel Virtusio Arguelles

## ANG PAGLALAYAG

Inaasam ko ang pagbalik ng mga kagang.
Ang mga uwak na dalawang semana
tuwing dapithapon nangamatay.
Ako kaya o sila ang nalalabuan, nadirimlan
sa pinagkanlungan ng aking mga sekreto
bawat bitag? Bigla ang buwan ang nagsabi
sa buway ng pananim ng laksang pagkagapi,
tanod ang mga dahon sa puno
na malaon nang hindi nakapaglalayag.
Tinanghali na ako rito sa mga tanim.
Hindi tuminag ang puno na walang dahon
Sumimoy ang samyong nagmumula sa araw
na may habilin para sa hardin. Ang panahon
sa gulod tila nakalimot at nag-iisa matapos
ang mga taon ng paglilibing sa ulan.

# KAS

Nagtaka ka sa baybayin
ng Bas Dako, nililibak
ang mga sinulat nating mga hinala
pagdating ng sanlaksang bagon.
Natigilan ka sa ating pagkagapi—

"Kasama, susulat ako," sabi mo
nang paalis ang bus. Gayunman,
pipili ka lang ng gunting, panggapas lagi
sa pihong bakod. Lilingon-lingon ka.
Nasubukan ko na'ng magbalik

sa kanais-nais. Nasaan ka na ba?
Malamang, laging abala, napakalayo
sa hindi na maalalang unang porma.
Naabot mo na ang panahon, natunton
lagi ang gusto o hindi, ang dating tugma

hindi makilala sa layo. Tingnan, mas malaya,
nag-iisa ang naroong gunita.

## HALAW

Bigla na lang na parang
paslit akong bumigkas
sa iyong likuran. Dagli
bagang napahinto:
nahukay ang kaalaman
sa papalapit na pagtatapos,
nabunyag ang itinago
ng kahapong tangay
ng matandang panahon,
naabot ang salubong
na pagkaway ng bayang nagkalumot
sa piling ng tagaytay.
ANG PAGSUKO

Nagtanim-tanim ako ng oras, lumipas
ang aking panahon. Nagtungo ako
sa hardin, nagsunog ng mga bagong
pagkakataon sa kabila ng ambagang taludtod
ng mga kasama. Wala akong talinghaga
sa paglingon. Bigo akong mapatitikom.
Sadyang sumusuko ang salita para maghilom.

## SUMPA

Ang mga batong hawak mo, tangay-
tangay sa paglilimayon sa bawat araw.
Ang ulang nagpasakit, ang ulang nagpaibig
sa mga gilid-gilid, ang ulang nailibing.
Ang katagang hawak mo, sa aklat
ng iyong taglagas, sa paglubog ng iyong araw
pagkaway ng buhay na nasukol sa isang sulok.